Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

-188-

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Ang Kapasiyahang ito ay nagsusulog sa Kautusang Bayan Blg. XVIII o ang Comprehensive Zoning Ordinance ng bayan ng Santa Rosa, Laguna at PINAGTIBAY din alinsunod sa itinatadhana ng mga batas at alituntunin ng House and Land Use Regulatory Board at Batas Pambansa Blg. 7160.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

************

KAUTUSANG BAYAN BLG. LVIII-'93 58
(Sa mungkahi ni Kag. Tapangco na pinangalawahan ni Kag. Tiongco)

ANG KAUTUSANG BAYAN

na nagpapatibay ng paglalaan ng halagang DALAWANG LIBO LIMANG DAAN (₱2,500.00) mula sa anumang pondong magamit o maliliwat upang iukol sa pagpapasukat ng Barangay Road sa Barangay Malitlit, Santa Rosa, Laguna.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

APPROVED
RESOLUTION No. 576-'93
PROVINCIAL BOARD
oktubre 27, 19 93

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

*************

KAPASIYAHAN BLG. 120-'93
(Sa mungkahi ni Kag. Catindig na pinangalawahan ni Kag. Lijauco)

ANG KAPASIYAHAN NA HUMIHILING KAY REGIONAL DIRECTOR PERCIVAL CALOGDOG, NG KAGAWARAN NG REPORMANG PANSAKAHAN (DAR) NA MAPANATILI SI G. APOLONIO CREENCIO, SENIOR AGRARIAN REFORM PROGRAM TECHNOLOGIST SA TANGGAPAN NG KAGAWARAN SA BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA.

YAYAMANG, bukod sa dahilang si G. Creencio ay mamamayang taga-Santa Rosa, siya naman ay nanungkulan sa bayang ito sa loob ng limang (5) taon at sa loob ng panahong ito siya naman ay nagpamalas ng kahusayan sa pagtupad sa tungkulin.

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

ERIC T. PUZON
Kagawad

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Kagawad

URBANO J. DIA
Kagawad

ARTURO M. TIONGCO
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

GIOVANNI T. BUSTAMANTE
Kagawad

ROGELIO L. LIJAUCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad

RONALD IAN A. DE GUZMAN
Kagawad

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
-189-

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

YAYAMANG, mas magiging maayos at episyente ang kanyang pagtupad sa tungkulin sa lugal na kanya ng kinamihasnan at lubusan na siyang nakikilala ng mamamayan;

NGAYON, SAMAKATUWID, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang paghiling kay Regional Director Percival Dalogdog, ng Kagawaran ng Repormang Pansakahan (DAR) na mapanatili si G. Apolonio Creencia, Senior Agrarian Reform Program Technologist sa Tanggapan ng Kagawaran sa Bayan ng Santa Rosa, Laguna.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

*************

Sa puntong ito ay ipinaalam ni Kag. Puzon ang kanyang napag-alamang napipintong pagpepetisyon ng mga may-ari at namamasada ng pedicab hinggil sa pinagtibay na Kautusang Bayan Blg. XLVIII-'93. Sinabi niya na makabubuting ang kapulungan ang magpasiya sa petisyon.

Ipinaliwanag ng Pang. Punong-bayan na sa dahilang wala pang natatanggap ang Sangguniang Bayan ay hindi nararapat na ito ay isaalang-alang. Pinagpasiyahan na talakayin ang paksa sa panahong mayroon ng isinulit na kahilingan o petisyon.

*************

Dahilan sa wala ng iba pang paksang tatalakayin ang pulong ay ipininig sa mungkahi ni Kag. Puzon na pinangalawahan ni Kag. Marcelo. Ganap na Ika-11:45 ng umaga.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

PATOTOO:

CYNTHIA GOMEZ-MERCADO
Pamabayang Kalihim

ERIC T. PUZON
Kagawad

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Kagawad

ARTURO M. TIONGCO
Kagawad

URBANO J. DIA
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

GIOVANNI T. BUSTAMANTE
Kagawad

ROGELIO L. LIJAUCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad

RONALD IAN A. DE GUZMAN
Kagawad